

1

Halos kaladkarin ni Czarina Madarang ang mga paa sa sobrang pagod habang naglalakad pauwi sa tinitirahang bahay sa New Manila. Puwede sana siyang mag-tricycle mula sa pinagtatrabahuhang call center sa kanto ng Aurora Boulevard malapit sa istasyon ng *MRT*. Pero dahil nagtitipid at hora de peligro na, titiisin na lang niya ang ilang metrong lakarin. In her pumps na may two and a half inches na takong.

She should remember to bring slippers or sneakers.

“Hay, buhay!” naiiling na buntong-hininga niya habang sinususian ang padlock sa gate ng bahay nang sa wakas ay umabot na siya roon. “Magreklamo pa ba?” kausap niya sa sarili. “Kaya nga tinanggap mo’yung trabaho doon, di ba? Para bawas pamasaha?”

Tamang-tamang nakapasok siya at ibinabalik ang pagkaka-lock ng gate ay may lumapit na namamalimos.

One would think na tulog na din ang mga pulubi sa ganitong oras, sa loob-loob ni Czarina.

“Neng, baka naman may pera ka diyan, kahit limang piso lang.” Inilahad nito ang palad sa pagitan ng mga bakal.

“Naku, pasensya na po, wala na akong pera,” iling niya. “Naglakad na nga lang ako pauwi, eh.”

“Konti lang naman, pambili lang ng kahit tinapay na pamatid-gutom.”

Kung pagkain lang, puwede naman niya itong bigyan. Mas okay sa kanyang mag-abot niyon kaysa pera. Kaso, sagad na din ang laman ng pantry. Hindi pa siya nakakapag-grocery. Kung anuman ang natitira sa ref, pagkakasyahin pa niya iyon sa kanila ng kapatid hanggang sa susunod na suweldo sa isang linggo kung kailan puwede na siyang makapamili muli ng groceries.

“Pasensya na po talaga...” muli niyang paumanhin, pero inismiran na siya nito sabay layas.

“Ang yaman-yaman, eh...” narinig pa niyang bubulong-bulong nitong sabi.

Tumalikod na siya at tumungo na sa loob.

Nakuha siguro nito ang impresyong iyon batay sa kanilang bahay. Malaki talaga ang bahay na tinitirahan nila ng kapatid. Isa iyon sa pinakamalalaking

mansyon sa parteng iyon ng New Manila. Pero hindi ibig sabihin ay mayaman sila at marami silang pera.

Tubong Magsingal, Ilocos Sur ang kanilang pamilya at pagsasaka ang kabuhayan nila. Pinalad siyang makapasa sa isang unibersidad sa Maynila para sa kanyang pagkokolehiyo. Nakiusap ang mga magulang niya sa isang malayong kamag-anak na sa bahay siya nito makitira sa apat na taong gugugulin niya sa pag-aaral.

Malugod siyang tinanggap ng tiyahin. Naging mabait ito sa kanya—matandang dalaga ito, wala nang magulang, at sabik din sa aalagaang anak. Tinanggap din nito sa poder ang kapatid niyang si Arabella nang pumasa ang huli sa parehong unibersidad na pinapasukan niya.

Kalaunan, may nakilalang Pranses ang Tita Gina niya at nagkamabutihan ang mga ito. Isinama ito ng lalaki sa France para pakasalan. Iniwan sa pangangalaga nilang magkapatid ang mansyon. Nagpapadala naman ito ng panggastos pero sapat lang para pambayad sa kuryente, tubig at linya ng telepono. Umaasa lang kasi ito sa sustento ng asawa kaya walang ekstrang naipapadala.

Siya na ang gumagastos para magpagawa kapag may nagli-leak na bahagi ng bubong, pag may light

sockets na nag-short circuit at iba pang katulad na bayarin.

Ang budget niya, eksakto lang, kung minsan nga ay kapos pa sa pang-grocery, araw-araw na pamasaha at paminsan-minsang pagbili ng maisusuot.

Puwede sanang magtrabaho si Arabella, lamang ay gusto niyang mag-concentrate ang kapatid sa pag-aaral. Patuloy pa rin na iginagapang ng kanilang mga magulang ang pampaaral nito. Siya na ang umakong sasagot ng living expenses nilang magkapatid para hindi na mamroblema ang mga magulang tungkol doon.

Nasa ikatlong taon na si Arabella sa law school. Kaunti na lang, ga-graduate na ito.

Kaunting tiis pa uli, aniya sa sarili.

Saka na siya mag-e-expect dito na tumulong sa gastusin kapag abogado na ito. Nakapagtiis na siya nang halos walong taon na suweldo lang niya ang pinaghahatian nila, ano ba naman ang dalawa o tatlo pa?

“Ming!” tawag niya sa alagang pusa pagpasok niya sa front door.

Alam niyang ito lang ang naroon sa bahay dahil

nagpaalam ang kapatid na mag-o-overnight ito sa bahay ng kaklase dahil magre-review daw para sa isang case presentation.

“Miming!” muli niyang tawag sa alaga at nang makalapit ito, yumukod siya agad para haplusin ang malambot nitong balahibo. Kinarga niya ito para isama sa kanyang kuwarto.

“Share lang tayo ulit ng food, ha?” kausap niya sa alaga habang umaakyat sa hagdanan. “Promise, pagdating ng suweldo sa a-treinta, iti-treat kita ng paborito mong *Whiskas*.”

It purred, saka inihilig ang ulo sa kanyang balikat na tila ba naintindihan nito ang kanyang sinabi.

“Magsa-shower lang ako, ha?” Ibinaba niya ito sa ibabaw ng kanyang kama. “Ang hirap talaga ng nagko-commute, amoy pawis na, amoy usok pa.”

Mabilis lang siya sa banyo dahil gutom na siya talaga. Tanghalian pa ang huli niyang kain. Mabuti na lang, libre sa opisina nila ang kape, juice, softdrinks, at chocolate drink. At may endless supply ang boss niya ng kung anu-anong kakanin na ibinabahagi sa kanya.

Kasama si Ming ay bumaba siya agad pagkabihis at nagtungo sa kusina.

“Fried egg na lang ’tsaka kanin, ’no?” Naglabas siya ng iluluto. “Lagyan na lang natin ng ketchup ’tsaka *Maggi* seasoning para mas malasa.”

Ngumiyaw lang ang alaga at saka naupo sa ibabaw ng mesa para bantayan siya. Mabuti na lang wala itong kapasidad makipagtalo sa choice niya ng pagkain.

Pagkaprito ng dalawang itlog at habang hinihintay maluto ang sinaing, kinuha niya ang notebook kung saan niya nire-record ang budget at daily expenses. Binuklat niya iyon sa huling pahinang may sulat.

Tulad ng nakagawian, inilista niya ang ginastos niya nang araw na iyon. Tiningnan niya ang natitirang laman ng envelope na nakaipit doon.

Gipit na gipit na gipit.

“*Agbalin daytoyen!*” buong tapang siyang saad. Isa siyang Ilocana. Kayang-kaya niyang pagkasyahin iyon.

“This is not happening!”

Pinigilan ni Atty. Darren Feliciano ang mapangiwi nang biglang bumulyaw ang pinsang si Giles Feliciano Wright pagpasok pa lang nila sa penthouse ng

tinutuluyan nitong hotel sa Ortigas.

Galing sila sa opisina ng kanilang family lawyer sa Ayala Avenue. Binasa sa kanila ang last will and testament ng kanilang lolo.

Tahimik lang si Giles buong panahong nakikinig sila ng provisions ng will kaya hindi niya inaasahan ang outburst nito. Buong akala niya, his cousin was fine with the clauses.

“It’s positively archaic!” patuloy na panggagalaiti nito habang ginagargas sa paglalakad ang carpet na nakalatag sa sahig. “In this day and age, do you think it’s still practical to blackmail anybody into marriage just because an inheritance is tied up with a stupid clause on a will?”

Nanatiling walang reaksiyon ang kanyang mukha at mga mata. Hindi pa panahon para sumingit siya dahil alam niyang kapag nasa ganoong mood ang kaharap, wala itong pakikilingan. Wala rin itong hahayaang magsalita.

At dahil sa London ito ipinanganak at lumaki—kung saan napalago ng kanilang abuelo ang negosyo ng kanilang angkan—sa kabila ng malawak na kaalaman ni Giles sa wikang Filipino, lumalabas ang first language nito kapag galit. Derechong-derechong

English, with his unmistakable British accent.

“Bloody hell, I’m thirty years old! It’s not as if I’m some irresponsible, devil-may-care lad who indiscriminately spends money and needs a lesson in running the family business. Arrogant as it may sound, I’m telling you I can run it better than he did.”

Tinitigan niya lang ito, tinatantya kung tapos na ito sa paglilitanya. May punto ito. Kung hindi kaaya-aya ang lifestyle ni Giles, baka naging katanggap-tanggap ang proviso sa testamento.

Pero malayo ito sa pagiging iresponsable. Teenager pa lang ay nagpakita na ito ng interes sa kalakalan. Kahit ang sarili nitong ama, na maagang yumao sa isang road accident kasama ng asawa, ay tuwang-tuwa sa kakayahan ng anak sa kabila ng kabataan at relatively insufficient experience.

“Are you just going to just stare at me?”

Natawa na lang siya rito. Lalo itong nainis.

“Prick,” mura nito sa kanya. Tinaasan pa siya nito ng panggitnang daliri bago siya tinalikuran para pumunta sa well-stocked bar na naroon.

Padabog na nagsalin ito ng scotch sa baso na nilagyan nito ng tatlong pirasong ice cubes.

“Relax, Cuz,” aniya, nilapitan ito para makapagsalin ng sariling inumin. “Ano ba’ng problema mo? May fiancée ka naman. I-schedule n’yo na lang nang mas maaga ang kasal n’yo para wala ka nang problema.”

Lumagok ito ng ginintuang likido, ngumiwi at saka nag-iwas ng tingin. At mukhang matutuyuan siya ng dugo sa paghihintay sa sagot nito dahil nanatili lang itong nakatanghod sa kadiliman sa labas ng bintana habang hawak ang baso ng scotch na parang wala itong kasama.

“Oy!” untag niya. “Nakikinig ka ba?”

Tumango ito.

“And?”

“I don’t have one,” ang mahinang saad at muli siya nitong nilayuan para maupo sa sofa.

Sinundan niya ito. “Are you shitting me?”

“D’you have a smoke?” pag-iiba nito ng usapan.

“Pareho tayong hindi naninigarilyo,” balik niya rito. “Tinatanong ko kung nanggagago ka, sagutin mo kaya.”

Bumuga ito ng hangin. “We broke off our engagement two months ago. That’s why she left.”

Wala sa loob na tinungga niya ang alak na isinalin para sa sarili. “Bakit ang s’abi mo trabaho ang dahilan ng pagpunta niya sa New Zealand?”

“She does have work there,” depensa nito.

“I bet ikaw ang dahilan kung bakit siya naghanap ng trabaho doon. Para makalayo.” Umikot ang mga mata niya. “Why didn’t you say something? You’ve never kept secrets from us before.”

“I couldn’t tell anyone dahil baka makarating kay Gramps,” paliwanag nito. “I knew no one would let on about it intentionally. Pero what if may magkamali? You knew how his health was before he died. Ayokong dumagdag pa ang status ng love life ko para mapadali ang buhay niya.”

Matagal naging kasintahan ni Giles si Shelley bago nag-anunsyo ang mga ito ng intensyong magpakasal na at sa buong panahong iyon, napamahal din nang husto ang dalaga sa matanda.

“Anak ng...” Napakamot siya sa ulo. “Lolo was stronger than he looked. He could have taken the news.”

“I did what I thought was for the best,” giit nito.

“Wala na bang chance na magkabalikan kayo?”

Tumingin ito sa kanya, marahang umiling.
“Nope.”

Patay.

“What do I do, D?” kunot na kunot ang noong tanong nito nang hindi siya umimik.

Huminga siya nang malalim at saka naupo sa tabi nito. Inilapag niya sa coffee table sa harap nila ang hawak niyang baso. Sumandal siya, tinapik-tapik ang balikat ng pinsan.

“I’ll get a copy of the will. Maybe there’s a loophole somewhere. I’ll look through it.”

And pray for a miracle, dugtong niya sa isip.

Magaling siyang abogado. But knowing how Julito Garcia Feliciano’s mind worked, malamang wala silang lusot sa gusto nitong mangyari.

2

Higit pa sa sampung beses na binasa ni Darren ang kontrobersyal na last will and testament ng lolo nila. Sapat para ma-conclude—kasabay ng parusang migraine—na wala talagang lusot si Giles kung gusto nitong makuha ang mana. Malaki ang mawawala rito kung hindi ito makapagpapakasal sa lalong madaling panahon.

Kampante siyang kayang kitain ni Giles ang yaman sa ibang paraan pero sayang din ang kompanya. Birthright nito iyon na maaaring mawala o maangkin depende sa isang piraso ng papel.

Gusto niyang tulungan ang pinsan, hahanap siya ng paraan para ikutan ang will. Legal consultant siya ni Giles—off the record.

“Well?” untag ni Giles na nag-materialize nang walang seremonyas sa harap niya.

“Buhay ka pa pala?” Inilapag niya ang hawak na will at saka bahagyang minasahe ang gilid ng sentido.

Man! My head is throbbing bad!

Pabagsak itong naupo sa bakanteng upuan sa

harap niya. “I have a considerable load of unfinished business, no thanks to Gramps,” tila reklamo nito.

Sinimulan niyang ligpitin ang mga papeles sa harap niya. “Buti naalala mo. Akala ko mag-iinom ka na lang, eh.”

Matapos kasi ang eksena sa penthouse suite kahapon, nag-aya itong bumaba sa bar ng hotel at lahat ng makitang inumin ay in-order nito. Hanggang sa nagsawa na siya at iniwan ang pinsan.

“First of all, I can afford it,” mayabang nitong saad. “Second, mataas ang alcohol tolerance ko, especially sa hard drinks. And—”

“Shut up. Nakaka-hangover ang problema mo.” Inihagis niya sa harap nito ang folder na naglalaman ng will. “Lolo Jules was brilliant. He thought of everything.”

Bumagsak ang mga balikat nito. “So, you’re telling me, I have no choice but to either get married in the next six months or lose my company?”

“Unfortunately.”

“Hell!”

He leaned forward at ipinatong ang dalawang siko sa mesa. “Curse all you want, pero we can’t do

anything about the will.”

“Goddammit, Gramps.” Nilamukos nito ang mukha at saka tumingin paitaas. “Why did you do this to me?”

“Hey, I don’t mean to piss you further pero I think naiintindihan ko kung bakit niya ginawa ’yung ginawa niya,” kalmado niyang saad. “Marriage and family give a sense of stability. Naisip siguro niya, from the point of view of clients and customers, kapag ang isang businessman ay dedicated at successful sa pamilya, he would be the same sa business.”

“I still think it’s bloody unfair.” Iningusan siya nito. “So what do you suggest I do?”

“May tatlong bagay akong naiisip.” Nagtaas siya ng tatlong daliri. “Una, i-give up mo ang kompanya. Pumayag kang maging managing director na lang. O kaya mag-establish ka na ng sarili mong firm. Kayang-kaya mo ’yun.”

“I am not letting go of what’s mine,” angil nito.

Hindi siya nagkomento. “Pangalawa, find a new fiancée fast, and put a ring on her finger faster.”

“You want me to pick up a girl?” Lalong nalukot ang mukha nito na may bahid pa ng inis para sa

kanya.

Darren sighed. At ang mga lalaki sa kanila ay pinalaki nang matino—hindi nila ugaling paglaruan ang damdamin ng babae. Disente silang lahat pagdating sa ganoong aspeto.

“Or you could fly to New Zealand, and beg Shelley to marry you. Ask her if you two can pick up where you left off.”

Tumitig ito sa kanya na para bang ang binigkas niya ay ang pinaka-taboo sa lahat ng taboo na suhestyon.

“You don’t understand,” anito pagkuwan.

“Then ipaintindi mo sa akin, because I don’t get it. You two were really good together and then...” Itinaas niya ang mga palad.

Pumikit ito nang mariin at pinisil ang pagitan ng mga mata na parang napakasakit ng parteng iyon. “She cheated on me. I caught her.”

Bago pa niya mahiling na ipaliwanag nito nang mas mabuti ang sinabi, tumunog ang intercom.

“Darren, narito na ’yung temporary replacement ko. If you’re not busy, baka puwedeng ipakilala ko na muna siya sa ’yo. Then I’ll be training her for the

rest of the day.”

Buntis kasi ang sekretarya niya at malapit na itong mag-maternity leave. Ito mismo ang pinapili niya ng magiging replacement nito. Masyadong mabigat ang trabaho at siya rin ang mahihirapan kung wala siyang full-time support.

Sinenyasan niya ang pinsan na manatili lang doon bago binigyan ng pahintulot na pumasok ang kausap.

“Attorney Darren Feliciano, this is Arabella Madarang,” pagpapakilala nito sa kasama.

“Welcome to our firm, Miss Madarang.” Iniabot niya ang kamay sa babae pero suspetyosong lumihis ang tingin niya sa pinsan na nahuli niyang masama ang titig dito.

“It’s Arby po. Thank you, Sir.” Tinanggap nito ang pakikipagkamay niya. “I’m looking forward to learning a lot from you. I hear you’re one of the best lawyers in the city.”

Naunahan siya ng pinsan na magsalita.

“That he is, milady,” nakangising sabad nito, his accent thick. “I’m Giles, the honored cousin and at this moment, the jester in this court.”

Napabaling dito ang babae na agad namula ang mga pisngi. Gusto niya tuloy batuhin ng paperweight na marmol ang dakilang ‘jester’.

“Sige na, Nerie, mag-endorse ka na kay Arby,” utos niya sa sekretarya. He glared at Giles bago bumaling sa bagong staff. “Good luck.”

“Thank you, Sir,” nakangiting sagot nito. Humarap din ito sa pinsan niya. “It’s nice to meet you, Sir Giles.”

“Pleasure is all mine.” Kumindat pa ito na nagpakunot ng noo niya.

Hinintay niyang makaalis ang mga babae bago niya ito inakusahan. “You are a flirt.”

Humalakhak ito. “Cuz, I just know how to appreciate a pretty face. She seems smart, too. Baka siya na ang hinihintay mo.”

Tumaas ang kilay niya. “Wag mo akong i-matchmake sa kahit na sino dahil hindi ako ang nangangailangan ng asawa.”

“I figured you’d say that.” Nagkibit-balikat ito. “She’s really stunning. Kung ayaw mo, akin na lang.”

Iyon lang at lumabas na ito.

Unbelievable!

Dapat yata ay bawiin niya ang naisip niyang matino ang mga lalaki sa lahi nila. Exception itong si Giles. Kanina lang ay mukhang binagsakan ito ng mundo, pero nang makakita ng magandang babae, nabuhayan agad ng dugo.

“Manang Rina!”

Muntik nang mabitawan ni Czarina ang hawak na kaldero ng isasaing na bigas nang kasabay ng pagtili ng kapatid ay maingay na sumara ang mabigat na front door na malamang ay malakas nitong itinulak.

“Ano ka ba naman, Arby?” Nilingon niya lang ito habang hinuhugasan ang bigas. “Kulang na nga tayo sa panggastos, balak mo pa yatang sirain ’yung pinto.”

“Sorry, Nang, excited lang ako.” Patakbo itong yumakap sa kanya. “May trabaho na ako!”

Okay. Hindi niya alam kung paano siya magreact. Dapat maging masaya siya dahil kapag nagkatrabaho ito ng ganito kaaga, mas may kasiguruhan ang kinabukasan nito pagkatapos maka-graduate at pumasa sa Bar. Pero paano ito magko-concentrate sa pag-aaral?

“Anong trabaho? Saan?” Isinalang niya ang kaldero.

“Ni-recommend ako ng isang prof namin sa isang law firm sa Makati.” Naupo ito sa harap ng mesa at tumitig sa kanya. “Magaling na lawyer si Attorney Feliciano na ke guwapo-guwapo pala. Magma-maternity leave ’yung secretary niya. Kailangan niya ng temporary replacement.”

Tumango-tango siya.

“Nagkausap na kami ni Monette,” tukoy nito sa isang kaklaseng nakatira sa Makati. “Willing silang ampunin muna ako for the time being. Magbibigay ako ng share sa groceries para di naman nakakahiya sa kanila. Puwede din kaming mag-car pool ni Monette papunta sa school para tipid din.”

All this time, kina-calculate ng utak niya ang gastusin at ang epekto niyon sa kanyang budget.

“Bakit parang ayaw mo?” tanong nito nang mapansing tahimik siya.

Napabuntong-hininga siya. “Hindi sa ganoon. Nag-aalala lang ako na baka makaistorbo sa pag-aaral mo.”

“Manang, law firm iyon. Mas maganda nga kasi

next year, pag fourth year na 'ko, sa kanila na lang din ako mag-a-apply for internship.”

“S’abi mo temporary lang ’yung posisyon.” Pinagdaop niya ang mga palad na nasa ibabaw ng mesa. “Ididiskaril mo ang schedule mo para lang sa iilang buwang trabaho?”

Napakamot ito ng ulo. “S’abi ko nga, Manang, hindi lang ito trabaho. Learning opportunity din kasi nga nasa law firm ako.” Tumayo ito mula sa kinauupuan para pumuwesto sa gawing likuran niya at niyakap siya mula roon. “Stop worrying, puwede? I’m a big girl. After all these years, napatunayan ko naman na sa ’yo na responsable ako, di ba?”

“Oo nga, pero *ania ngarud?*” Tinapik-tapik niya ang mga bisig nitong nakayakap sa kanya. “Ako ang nanay at tatay mo dito sa Manila. Di kita puwedeng pabayaan.”

“Hindi mo ’ko pinababayaan, Manang.” Naramdaman niya ang paghalik nito sa tuktok ng kanyang ulo. “Binibigyan mo lang ako ng kaunting freedom at saka pinagkakatiwalaan mo ako. Masyado kang seryoso sa pagiging magulang, nakakalimutan mo tuloy ang sarili mo. Tatandang dalaga ka niyan, sige ka.”

“Eh, ano ngayon?”

“Manang, sayang ang genes natin!”

Nakitawa siya rito pero naisip lang din niya, hindi na bale kung di siya makapag-asawa. She wouldn't know what to do with a boyfriend. Or a fiancé. Lalo na siguro kung sa asawa.

“Kailan ka magsisimula?” Lumayo siya saglit dito para inspeksyunin na ang sinaing.

“Sa Monday pa.” Inihanda nito ang mesa.

Tumango lang siya. Tahimik nilang tinapos ang paghahain hanggang kapwa na sila dumulog sa mesa. Patapos na sila sa hapunan nang mapansin niyang tila hindi mapakali si Arby.

“Apay?” tanong niya.

Uminom ito ng tubig at saka tumitig sa kanya.

“Kanina kasi sa office ni Attorney, nakausap ko 'yung pinsan niya.” Tumigil ito at nag-isip. “His cousin Giles kinda offered me an option just in case hindi ako makuha doon nang full time. I thought about it, maganda ang arrangement and tinanggap ko 'yung offer.”

“May nahahalata akong ‘pero’ sa sinasabi mo.”

“Eh, Manang...” Napakamot ito sa ulo. “What if kailangan kong mag-relocate? Sa London?”

“London?” Mabuti at hindi siya nabulunan.

“Sayang kasi talaga ang opportunity.” Tumayo ito mula sa hapag, dala ang pinagkainan na inilapag nito sa lababo. “At any rate, puwede kong ituloy ang pag-aaral ng Law doon.”

“Bakit biglang may usapang aalis ka?”

“Eh, kasi nandoon ’yung pagtatrabahuhan ko.”

“Na ano?” untag niya.

“Yung business nga ni Giles.”

“Anong business? At ano’ng posisyon mo sa business na ’yan?”

“Wag kang magagalit,” pauna nito.

“Arby...” Nilagyan niya ng babala ang tinig.

“Um-oo akong maging fiancée ni Giles, and we’re getting married in London.”

Mabilis na mabilis ang pagkakasabi niyon kasunod ng mabilis na mabilis ding pagtakbo nito paakyat sa kuwarto. At dahil shocked siya, napako siya sa kinaroroonan at naiwang nakanganga. Ilang

Love Will Lead The Way - Edith Joaquin

segundo pa ang lumipas bago siya nahimasmasan.

“Ukin-inam nga ubing ka!” sigaw niya.

3

Dadalawa na nga lang kayo, mag-aaway pa kayo?

Paulit-ulit ume-echo sa isip ni Czarina ang boses ng mga magulang buong magdamag hanggang sa mga sandaling iyon. Tensyonado siyang nakaupo sa receiving area ng opisina ng abogadong pinagmulan ng lahat ng pinoproblema niya ngayon.

Talagang all-out war sila ng nakababatang kapatid for the first time in their lives. Lalo na nang mabanggit nitong susuwelduhan daw ito sa pagiging fiancée at proud pa na ten thousand euros daw ang matatanggap nito kada buwan hanggang maikasal ang mga ito.

Nagkasigawan sila, nagkadabugan, at nang magising siya nang maagang-maaga pa ay wala na ito sa bahay para sagutin lahat ng dapat nitong sagutin sa kanya.

Nag-isip ba ito nang mabuti bago pumayag? Kailan pa naging business arrangement ang isang sagradong pag-uugnay tulad ng kasal? Granted, marami nga ang gumagawa niyon, pero...

Hindi nagkulang kahit kailan ang mga magulang

nila ng pagtuturo sa kanila ng tama at mali. Non-sectarian man ang unibersidad kung saan sila nagkolehiyo, patuloy rin silang nag-observe at nagsagawa ng mga katungkulan ng isang mabuting Katoliko.

Pagkatapos, dahil lang sa pangakong malaking suweldo, pumayag si Arby na itaya ang isang napakaimportanteng bagay tulad ng kasal?

Kaya siya naroon sa opisinaang iyon. Para makiusap sa amo ni Arby na kumbinsihin ang pinsan nito na bawiin ang alok na ‘sideline’ sa kapatid niya.

Wala siyang balak mang-away. Pramis. Sandaling mahinahong pakikipag-usap lang. Kung magiging matinong kausap ang abogado at kung mapatunayan niyang wala itong kinalaman sa walang kuwentang business arrangement na iyon.

Huminga siya nang malalim bago pa siya mahimatay sa kinauupuan niya dahil sa pagngingitngit. Saka niya napansing matamang nakatitig sa kanya iyong sekretaryang buntis.

“Ma’am, are you okay?” tanong nito.

“Ah, yes,” tango niya. “Puyat lang ako.”

Puyat? Hah! Hindi siya nakatulog. Naidlip siguro

dahil nakuha siyang lusutan ng bruhang kapatid. At kung hindi sana dahil dito, hindi siya mawawalan ng isang araw sa trabaho dahil kinailangan niyang mag-file ng leave para lang manugod nang araw na iyon.

“Ma’am?”

“Huh?”

“Tinatanong ko po if I can offer you anything. Coffee? Juice?”

Kumalam bigla ang sikmura niya. Hindi rin siya nakapag-agahan. At dahil gutom, hindi siya puwedeng magkape dahil mag-aalboroto ang tiyan niya.

“Tubig na lang, please,” nahihiyang sagot niya.

Ngumiti lang ito bago siya iniwan. Pagbalik nito, bukod sa ni-request niyang inumin, mayroon ding isang lata ng apple juice na hindi pa nabuksan, at isang platitong naglalaman ng apat na pirasong *Lemon Squares Cheese Cupcake*.

Nahalata kaya nitong gutom siya? O baka narinig nitong umangal ang sikmura niya.

“Thank you,” kiming sabi n Czarina nang ilapag nito ang dalang tray sa mesita sa harap niya. “Nakakahiya naman sa ’yo.”

“Wala po iyon.” Bumalik na ito sa kinauupuan. “Kailangan ko ding magkikilos para hindi ako mahirapang manganak.”

Nginitian niya ito. Pinigil niya ang sariling lagukin ang nasa baso para maibsan nang bahagya ang kumakalam na tiyan. Nagpapakipot pa siya sa pagsunggab sa nakahaing tinapay. Nakakahiya, baka magmistulang naroon siya para lang makakain nang libre.

Pero dahil mukhang magtatagal pa ang consultation na nagaganap sa loob ng opisina ng lawyer, naglabas muna siya ng dalang pocketbook. Pampaaliw man lang kaysa isipin na naman niyang gusto niyang kalbuhin si Arabella. Isang chapter pa lang ang natatapos niya nang magbukas ang pinto ang opisina.

“Maraming salamat sa tulong, Attorney,” narinig niyang sabi ng isang babaeng naunang lumabas mula roon.

“Wala pong problema, tawagan n’yo lang po ako kung may kailangan pa kayo o kaya mag-iwan kayo ng message sa sekretarya ko.”

Napatigil yata siya sa paghinga.

It was a sexy voice. Lalaking-lalaki. Sinabi nga sa

commercial, kumbaga sa alak, suwabe ang mainit na hagod. Tagos sa buto. At kung boses pa lang, guwapo na ito, paanong guwapo pa kaya ang hitsura nito lalo at sinabi ni Arby na magandang lalaki talaga itong si Attorney Feliciano?

Huminga muna siya nang malalim pero bago niya nagawang iangat ang mga mata, napuno na ang buong pagkatao niya ng samyo nito at agad na naparalisa ang kanyang pag-iisip. Hindi ito umaalingasaw sa bango. His scent was subtle. Masculine. Iyong tipong nag-uudyok sa nakakaamoy na sumubsob sa leeg nito para singhut-singhutin.

Lumunok siya dahil baka tumulo na nang tuluyan ang laway niya. Saka siya nag-angat ng mga mata.

Aysusmaryosep, Apo Diyos...

May kaharap siyang...

Si Attorney Feliciano ay iyong tipong maiisip mo na iniregalo ng Diyos sa mga kababaihan. Kung tutuusin, medyo typical sa isang Middle-Eastern male ang features nito—makapal at maiitim na pilik na mas malalantik pa kaysa sa kanyang sariling mga pilik. Matangos ang ilong nito at mapupula ang mga labi na nang mga sandaling iyon ay nakangiti. Pero ang pamatay talaga ay ang kulay tsokolate nitong

mga mata na namumungay, giving him that sensual look.

“Attorney, this is Miss Czarina Madarang,” pakilala ng sekretarya. “Kanina pa siya naghihintay.”

“Ganoon ba?” Lumapit ito sa kanya. “I’m sorry to have kept you waiting. Darren Feliciano po, Ma’am. What can I do for you?”

Tinitigan niya ang kamay na inilahad nito sa kanya. He had long fingers. At malapad ang palad nito. Tipong puwedeng mawala ang sarili niyang kamay sa loob niyon.

Na-realize niyang ibinababa na nito ang palad at saka siya natauhan. Hinabol niya ang pakikipagkamay nito.

“Hi,” ang pathetic niyang nakayanan. “Ahm, I’m sorry to be taking up your time pero kailangan ko lang sana kayong makausap.”

“No problem.” Bahagya itong ngumiti. “Arby’s sister, right? I see the resemblance.”

The man was a lawyer. Magaling ito sa logic. And he’d probably read Arby’s file. Hindi naman kailangan ng extreme powers of deduction para mahulaan nitong kapatid niya si Arby. At gaya nga ng sinabi

nito, magkahawig sila ng bunso.

“Yes, she’s my sister. I need to talk to you about her.”

Bahagyang tumaas ang kilay nito. “I hope it’s nothing serious.”

“I don’t know.” Umiling siya. Sinubukan niyang pigilan ang sarili dahil ang mahalaga ay masabi niya ang concern niya bago siya pangunahan ng galit. Breathe in, breathe out.

“Shall we step into my office?” Hinawakan siya nito sa siko para igiya sana siya patungong kuwarto ng binata pero marahas niya lang na hinaltak ang sarili mula sa pagkakahawak nito.

Bigla, sumabog ang ngitngit niya para kay Arby at sa pinsan ng abogadong ito at naibulalas niya iyon sa kaharap.

“Ipakukulong ko kayo ng pinsan mo for doing this to my sister! I hope you both rot!”

Hindi niya alam kung sino na ang mas high-blood nang ibulalas niya iyon—si Atty. Feliciano o siya.

Pikon na naihilamos ni Darren ang palad sa

mukha for the nth time. Pakiramdam niya, malapit nang mabura iyon. Pagkatapos ay inihagis niya sa mesa ang *BlackBerry*. Hindi sinasagot ni Giles ang tawag niya.

“Nerie, tell me one more time kung ano’ng nangyari,” utos niya sa sekretarya. Baka lang sakaling may nakalimutan itong detalye.

Medyo umikot ang mga mata ng buntis. “I’ve told you, pagkatapos namin ng orientation ni Arby kahapon,” malinaw nitong bigkas, “tinanong siya ni Giles kung puwede silang magkape. Hinintay siya ng pinsan mo na mabait at tahimik na naupo lang sa receiving area while I was telling Arby her would-be duties.

“Medyo nag-alanganin si Arby na sumama pero sabi ni Giles, kape lang at mag-uusap sila. May gusto daw i-consult ang pinsan mo and then sabi ni Arby, since hindi naman daw siya nagmamadali for anything, so okay. Hindi ko na siguro lugar na i-warn si Arby against your cousin. Sapat naman ang pagkakakilala ko sa pamilya n’yo para maisip ko na hindi mapapahamak ’yung bata sa kanya. Kape nga lang, di ba? I think they went to *Coffee Bean*, ’yung nasa ibaba ng building na ito.”

“At s’abi mo, Miss Madarang,” humarap siya sa

kapatid ng pinag-uusapan nila, “according to your sister, my cousin asked her to be his fiancée, and that she will be paid ten thousand euros a month habang engaged sila, and then within six months magpapakasal sila and she’ll be moving to London with Giles?”

“Yes,” she hissed, nag-aapoy ang mga mata.

“Nerie Grace, please help me get a hold of my stupid cousin.”

Iniangat ng babae ang isang telepono na nasa mesa niya.

“From your table. Please?” pakiusap niya.

Ngumisi ang buntis at lumabas na. Pinagmasdan niya si Czarina Madarang. Derechong-derecho ang pagkakaupo nito sa harap niya, nasa tainga ang cell phone.

“My sister isn’t picking up either,” anito. “Kanina pa din ako nagte-text sa kanya, she hasn’t answered any of my messages.” Umiling ito at sumandal. Tila pagod na pagod.

“Magsisimula siya rito sa Monday, kaya sigurado akong makakausap ko siya. At sooner or later, mahahagilap ko rin si Giles.”

“That’s a relief,” sarcastic nitong sabi.

“Listen, Miss Madarang.” He could feel another migraine coming. “Can I offer you lunch? Tanghali na, ni hindi man lang kita natanong kung kumain ka na ba. Walang mangyayari kung uupo lang tayo dito.”

Umangat ang mga mata nito para tumitig sa kanya and God, bakit ba ngayon niya lang napansin kung gaano ka-expressive ang mga mata nito?

It was almost like looking into her soul.

“I’m sorry,” tahimik nitong saad. “I know you’re not your cousin, hindi mo kasalanan ang nangyari, pero nai-stress lang ako. Hindi naman kasi ganito ang kapatid ko. She’s the level-headed one. Not necessarily practical, kasi kung kilala kong gan’un siya, maiintindihan ko kung bakit agad-agad niyang tinanggap ang offer ng pinsan mo na kahapon lang niya nakilala. Ngayon lang nga kami nag-away talaga. I shouldn’t have come here. Pero I don’t know how else to reach your cousin. I should go.”

“No. It’s all right.” Inabot niya ito para pigilan ito sa braso at nagulat pa siya nang may kaibang naramdaman sa pagsayad ng balat niya sa malambot na balat nito. “Ah, ang ibig ko sabihin, naiintindihan kita. Siguro kung nasa posisyon mo ako, baka ganyan

din ang naging reaction ko.”

Did she just snort?

“Hindi mo gagawin ’yun, lawyer ka, eh.” Bahagya itong natawa.

“Meaning?” Kumunot ang noo niya.

“Masyado kang rational. Kanina, you grilled your secretary, what—twice? Mabilis sumulpot sa utak mo ang mga tanong na bakit at paano. I’m sure, hindi uso sa ’yo ang bugso ng damdamin.”

Okay. Kung ganoon nga siya ka-rational, mapapansin pa rin ba niya ang inosente nitong ganda? Ang makinis nitong mukha, pati na ang mga labi at pisngi nitong mapupula?

Ipinilig niya ang ulo.

“You’re right,” sabi na lang niya. Nginitian niya ito.

Nag-hang ang utak niya nang gumanti ito ng ngiti. Iba rin pala ang ganda nito kapag nakangiti.

“Ahm, sige, mag-lunch ka na.” Isinukbit nito sa balikang dalang bag. “Paki-inform na lang ako kung kailan ko puwedeng makausap ang pinsan mo at babalik ako dito.”

Love Will Lead The Way - Edith Joaquin

“Halika na, sabay na tayong mag-lunch,” he insisted. “Sa panig ko nagsimula ng kalokohan, so allow me to treat you. Please, it’s the least I could do.”

Hindi na niya ito binigyan pa ng pagkakataong tumanggi. Ayaw niyang ma-deprive sa oras na maaari niyang gugulin kasama ito.

Hinawakan na niya ang dalaga sa siko at iginiya palabas.